
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



# MODYUL 9

# LARAWAN NG NASYONALISMONG ASYANO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 9**

**LARAWAN NG NASYONALISMONG ASYANO**




Sa nakaraang modyul ay nailarawan ang pagtugon ng mga Asyano sa kolonyalismo. Napag-aralan din natin ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pagsibol at pag-unlad ng nasyonalismo sa iba't ibang rehiyon sa Asya.



May dalawang araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

Aralin 1: Mga Anyo at Katangian ng Nasyonalismo

Aralin 2: Komunismo: Anyo ng Nasyonalismo



Pagkatapos ng mga araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang iba't ibang anyo at manipestasyon ng nasyonalismo;
2. Masusuri ang bahaging ginagampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay-wakas sa imperyalismo sa Asya; at
3. Maipaliliwanag ang kaugnayan ng komunismo sa nasyonalismo.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Handa ka na bang suriin kung mayroon kang mga kaalaman sa paksa natin sa modyul? Magsimula ka na. Itambal ang tinutukoy sa bawat bilang sa mga salita sa kanang hanay. Isulat ang titik nito sa patlang sa kaliwa.


| | |
|---|---|
| _____1. Bansang nahati dahil sa ideolohiyang komunista | a. Karl Marx |
| _____2. Bansang mga partidong komunista na kalahok sa pulitika | b. Mao Tse Tung |
| _____ 3. Dahilan ng paglitaw ng kaisipang nasyonalismo | c. Politburo |
| _____4. Ang nagdala ng binhi ng nasyonalismo | d. Komyun |
| _____5. Kasunduang nagbigay-wakas sa Unang Digmaang Pandaigdig | e. Shogunista |
| _____6. Ama ng Pilosopiyang Komunismo | f. Versailles |
| _____7. Nagsulong ng Komunismo sa China | g. Europeo |
| _____8. Pinakamataas na organ ng Partidong Komunista | h. Emperialismo |
| _____9. Cooperatibang itinatag sa China alinsunod sa simulang Komunismo | i. India |
| _____10. Makalumang uri ng pamamahalang Hapon | j. Korea |
| | k. Indonesia |

**ARALIN 1**

**MGA ANYO NG NASYONALISMO**



Dalawang ideolohiya mula sa Europa ang kinapitan ng mga Asyano bilang tugon sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin: ang nasyonalismo at sosyalismo o komunismo. Sa araling ito, susuriin natin ang mga iba't ibang anyo o larawan ng nasyonalismo na naganap sa iba't ibang bansa sa Asya. Gayundin ang mga kilalang tao na nagpasimuno sa paglaganap ng kaisipang nasyonalismo.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang mga iba't ibang anyo at katangian ng Nasyonalismo; at
2. Matatalakay ang mga kilalang tao na gumising sa makabayang damdamin ng mga Asyano.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Pagtapat-tapatin. Isulat ang tamang sagot.

| | |
|---|---|
| _________________1. Philippines | Chulalongkorn |
| _________________2. India | Kemal Ataturk |
| _________________3. China | Reza Pahlavi |
| _________________4. Iran | Sun Yat Sen |
| _________________5. Turkey | Ho Chi Minh |
| _________________6. Thailand | Gandhi |
| _________________7. Vietnam | Rizal |

**Nasyonalismo**

Pagmamahal at katapatan sa sariling bayan o bansa ang isang kahulugan ng nasyonalismo. Isa itong mahalagang impluwensyang hatid ng pamamayani nito sa mundo. Ang nasyonalismo ay isang damdamin na naghahangad pambansang kaunlaran at kasarinlan. Isinaalang-alang nito ang kapakanan ng bansa. Sa pampulitikang pananaw, nangangahulugan ito nang kusang pagkilos laban sa anumang banta ng pananakop maging pangkabuhayan, pampulitika, at pangkultura. Mahalaga ang damdaming ito sa pagpapanatili ng katatagan ng isang bansa o estado.

Maipamamalas sa iba't ibang paraan ang kamalayang pambansa o damdaming nasyonalismo: ang pagkakaroon ng isang mapagkakakilanlang ipinagmamalaki.

Ang nasyonalismo ay isa sa mga katangian ng kanluraning daigdig noong ika-19 na dantaon. Ang damdaming ito ay nakalikha ng pambansang pagkakaisa, kalayaan, at pagsulong.

Ang damdamin ding ito ang naging pangunahing dahilan ng mga pandaigdigang himagsikan – ang Una at Ikalawang Digmaan.

Sa hanay ng mga katutubong kinatulong sa pamamahala sa kolonya ng mga kolonyalista, gayundin sa hanay ng mga nakapag-aral, lumitaw ang pangkat na may kakayahang manguna sa gawaing pampulitika, pang-ekonomiya, at pangkultura. Ilan sa kanila ang nakapag-aral sa Europa at nalantad sa mga ideolohiya ng nasyonalismo at sosyalismo.

Kung tutuusin, nailalahad ito sa mga karanasan nina Gandhi, Sun Yat-Sen, at Dr. Jose Rizal.

Gayundin, ang matinding banta sa pag-iral ng kanilang bayan ang nagbunsod sa iba pa upang itaguyod ang nasyonalismo. Kabilang dito sina Kemal Ataturk ng Turkey, Reza Pahlavi ng Iran, at Chulalongkorn ng Thailand.

Ang nasyonalismong Asyano sa panahong ito ay lumitaw at nabuo bilang isang anti-kolonyal at anti-imperyalistang pagtugon sa kolonyalismo at imperyalismo.

Maraming anyo ang nasyonalismo. Bawat bansa ay may pamamaraan upang maipakita ito sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos ng mga taong naaapi.

**Mga Larawan ng Nasyonalismo**

PILIPINAS

* Pag-aalsa
* Pagtatag ng Kilusang propaganda sa pangunguna ng magigiting na Pilipinong Propagandista tulad ni Dr. Jose Rizal, Marcelo H. Del Pilar at Mariano Ponce at iba pa.
*Kaisipang liberal ang batayan ng nasyonalismo.

INDIA

* Kaisipang Liberal ang batayan ng nasyonalismo
* Pag-iral ng "passive resistance"
* Pag-iral ng Pilosopiyang Hindu ang pinagbabatayan ni Gandhi

TSINA

* Kaisipang Komunismo ang batayan ng nasyonalismo
* Ginagabayan ng kaisipan ng ng digmaang bayan (people's war)

JAPAN

* Walang pagkiling na pakikipag-ugnayan sa mga puwersang Kanluranin
* Pagsasara ng Hapon sa daigdig sa panganibang maimpluwensyahan ng dayuhan ang kulturang Hapones

Isa pa ring maituturing na larawan ng nasyonalismo ang pagsiklab ng mga digmaang pandaigdig. Sinasabing ang pagsibol ng nasyonalismo ang isa sa mga salik ng pagsiklab ng una at ikalawang digmaang pandaigdig. Bagaman laganap ang imperyalismo kung saan ang malalakas na bansa ay naglalaban-laban sa pagsakop ng mga kolonya, tumindi naman ang kompetensyon bunga ng nasyonalismo sapagkat ang isang bansa ay ayaw padaig at patalo sa iba.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng damdaming nasyonalismo?

Lagyan ng tsek. Ipaliwanag.

1. Pagtatrabaho sa ibang bansa
2. Paggamit ng produktong lokal
3. Pagbili ng mga produkto sa Subic
4. Pakikisama sa mga NPA
5. Pakikipaglaban para sa karapatan
6. Pagtulong sa paglilinis ng kapaligiran
7. Pagsunod sa batas



**Tandaan Mo!**

- Pagmamahal at katapatan sa sariling bayan o bansa ang isang kahulugan ng nasyonalismo. Maipamamalas sa iba't ibang paraan ang kamalayang pambansa. Ang damdaming ito ay nakalikha ng pambansang pagkakaisa, kalayaan at pagsulong.
- Ang mga kilalang tao tulad ni Dr. Jose Rizal ng Pilipinas, Gandhi ng India, Sun Yat-Sen ng China, Ho Chi Minh ng Vietnam, Kemal Ataturk ng Turkey at iba pa, ang gumising ng damdaming makabayan sa Asya.
- Ang kaisipang liberal at komunismo ang batayan ng nasyonalismo sa Asya.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Direksyon: Punan ang nawawalang titik

1. N_S_ _ N _ L_ S_O
   Damdamin ng pagiging makabayan
2. K_M_N_ _M_
   Batayan ng nasyonalismo sa Tsina
3. L_B_R_L
   Kaisipang batayan ng nasyonalismo sa India
4. P_OP_G_ND_
   Kilusang itinatag ng Pilipinas na nagpapamalas ng pagiging makabayan
5. H_N_U
   Pilosopiyang pinairal ni Gandhi sa India


B. Gumawa ng maikling sanaysay kung paano mo maipapamalas ang iyong pagiging makabayan.

**ARALIN 2**

**KOMUNISMO: ANYO NG NASYONALISMO**



Nalaman mo sa nakaraang aralin na maraming larawan ng nasyonalismo ang naipamalas sa iba't ibang bansa sa rehiyong Asya. Ngayon naman sa araling ito ay tatalakayin natin ang isang kaisipan o iseolohiya na maituturing naanyo ng nasyonalismo. Ito ay ang komunismo.



Pagkatapos mong mapag-aralan ang mga nilalaman ng araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang kaugnayan ng komunismo sa nasyonalismo; at

2. Matutukoy ang mga bansa sa Asya na kumapit sa ideolohiyang Komunismo at Sosyalismo bilang landas sa pagpapalaya ng kanilang bansa.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bilugan ang mga pangalan ng bansa na napapaloobsa kahon. Maaring pababa, pataas, at pahalang.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| R | C | B | U | R | M | A | A | H | U | V |
| P | H | I | L | L | I | P | I | N | E | S |
| V | I | E | T | N | A | M | R | S | R | M |
| M | N | K | O | R | E | A | A | V | S | U |
| C | A | M | B | O | D | I | A | D | T | A |
| C | I | N | D | O | N | E | S | I | A | A |
| V | C | D | L | C | B | S | T | U | X | Y |

Anu-anong bansa ang napapaloob sa kahon? Anong ideolohiya at sistemang pulitika ang kanilang ipinaglalaban at bakit? Ipaliwanag.

**Ang Komunismo**

Ilan din ang kumapit sa kaisipan ng sosyalismo at komunismo bilang landas hindi lamang sa pagpapalaya ng bansa kundi sa pagbubuo rin ng bagong sistemang panlipunan na magwawakas sa pagsasaman- tala ng tao sa tao. Kabilang sa mga tumahak sa ganitong landas ang Tsina, Vietnam at Hilagang Korea. Sa iba pang bayan, may mga kilusang pagpapalaya na pinangungunahan din partido-komunista kabilang iyong sa Malaya, Pilipinas, Indonesia, at Burma. Hanggang ngayon, may mga partido komunista sa Hapon at India na kalahok sa pulitika ng mga bansang ito.


Ang komunismo ay nagsimula sasalitang “komun” na ang ibig sabihin ay pantay-pantay o pangkaraniwan at walang uri na nakahi- higit sa kapwa tao. Tumutujoy din ito sa Marxist-Leninist na doktrinang pulitikal, panlipunan at pangkabuhayan na gumagabay sa U.S.S.R. Nangangahulugan din ito ng sentralisadong sistemang pulitikal ng China, ng dating U.S.S.R. at ang kanyang satellite sa Silang Europa.

Sa kabila ng mga suliranin, nananatili ang ilang bansa sa pagtahak sa landas ng sosyolismo. Nabuo ang tinaguriang komunistang bansa sa Asya tulad ng Tsina, Vietnam, at Hilagang Korea makaraan ang mahabang panahon ng pakikipaglaban sa kolonyalista at imperyalista. Maging ang ilang bansang lumaban sa kolonyalismo at imperyalismo ay nagkaroon ng mga partido-komunistang nagtaguyod ng kalayaan at kaunlaran, ayon sa pananaw ng sosyalista at komunista. Kabilang dito ang Pilipinas, Malaysia, Thailand, Burma, Hapon, India at Nepal.

Mga simulain ng ideolohiyang komunismo:

- Walang uri ang tao sa lipunan.
- Pantay-pantay ang lahat.
- Pag-aari ng mga mamamayan at estado ang produksyon.
- Tatanggap ang tao ng yaman batay sa pangangailangan.
- Di prayoridad ang pakikipagkalakalan.

Umusbong mula sosyalismo ang komunismo noong ika-19 na siglo na naging kilusan pagkatapos ng himagsikang Ruso noong1917 pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig itinatag ang ibang pang komunistang estado sa Silangang Europe – Poland, East Germany, Czechoslovakia, Hungary, Romania, Bulgaria, Yugoslavia, Albania. Si Mao Tse Tung ang nagsulong ng Komunismo sa China. Noong Oktubre 1, 1949, itinatag niya ang pamahalaang komunista sa China sa ilalim ng People’s Republic of China. Itinatag din ang rehimeng komunismo sa Cuba, Vietnam, Laos, Cambodia at Afghanistan. Si Mao Tse Tung ang chairman ng Partido Komunista. Ang organisasyon ng pamahalaan ay binubuo ng 22 lalawigan at limang autonomong rehiyon. Politburo ang pinakamataas na organ ng Partido Komunista.




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Isulat sa ikalawang hanay ang bansang pinagmulan ng mga taong nabanggit sa unang hanay at hanapin ang nasabing bansa sa mapa.

| | |
|---|---|
| 1. Dr. Jose Rizal | |
| 2. Mahatma Gandhi | |
| 3. Suharto | |
| 4. Ho Chi Minh | |
| 5. Mao Tse Tung | |
| 6. Kemal Atarturk | |
| 7. Reza Pahlavi | |
| 8. Lee Kuan Yew | |
| 9. Mohather | |

B. Isulat sa loob ng Web ang mga kaisipan o simulain ng ideolohiyang komunismo.





**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Dalawang idolohiya mula sa Europa ang kinapitan ng mga Asyano bilang tugon sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin: Ang Nasyonalismo at Sosyalismo o Komunismo.
- Maraming Anyo ang nasyonalismo.
- Kaisipang liberal ang naging batayan ng nasyonalismo sa Pilipinas at India at Komunismo naman sa Tsina, Vietnam, Korea at iba pang bahagi ng Hilagang Asya.
- Si Dr. Jose Rizal ng Pilipinas, Sun Yat Sen ng China, Gandhi ng India at iba pa ang gumising sa makabayang damdamin ng mga Asyano.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

Panuto: Piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik nito sa bawat patlang.

____**1.** Damdamin ng masidhing pagmamahal sa bayan.

A. Sosyalismo
B. Nasyonalismo
C. Imperyalismo
D. Kolonyalismo

____2. Ang Komunismo ay nagsimula sa salitang:

A. komunista
B. komun
C. kooperatiba
D. ismo

____3. Ang ibig sabihin ng komun ay.

A. Pantay-pantay
B. Pagkamakabayan
C. Pangkabuhayan
D. Sama-sama

____4. Batayan ng nasyonalismo sa Tsina.

A. liberalismo
B. komunismo
C. nasyonalismo
D. pantay-pantay

____5. Nagtatag ng Komunismo sa China.

A. Ho Chi Minh
B. Mao Tse Tung
C. Stalin
D. Lenin

____6. Pinakamataas napulitikong organ ng komunista

A. Politburo
B. Emperador
C. Shogunato
D. Zaibatsu

_____7. Ama ng Piliosopiyang komunismo.

A. Mao Tse Tung
B. Karl Marx
C. Chou En lai
D. Tanaka

_____8. Gumisingng damdaming makabayan ng Pilipinas.

A. Dr. Jose Rizal
B. Sun Yat Sen
C. Mabini
D. Kemal Ataturk

_____9. Sa pangambang maimpluwensyahan ng dayuhan ang kulturang Hapones, nagpatupad sila ng patakarang.

A. Pagpapalakas ng kanilang bansa
B. Pagsasara
C. Humiwalay sa ibang bansa
D. Pag-aalsa

_____10. Isang Pilosopiya ang pinagbatayan ni Gandhi ng nasyonalismo sa India.

A. Budhismo
B. Hindu
C. Taoismo
D. People's War



## GABAY SA PAGWAWASTO:

| PANIMULANG PAGSUSULIT | PANGWAKAS NA PAGSUSULIT |
|---|---|
| 1. J | 1. B |
| 2. I | 2. B |
| 3. H | 3. A |
| 4. G | 4. B |
| 5. F | 5. B |
| 6. A | 6. A |
| 7. B | 7. B |
| 8. C | 8. A |
| 9. D | 9. B |
| 10. E | 10. B |